# Mag-ingay Tayo

Ni Flor Boldo

## Panimula

Ilang beses bang hinihiling ng mga guro sa mga batang tumahimik dahil nag-iingay sila nang labis sa klase? Sa workshop na ito, ang gol natin ay ang gamitin ang ingay at musikang iyon upang samahan ang ating aralin sa Biblia. Oo, alam kong tila nahihibang kung pakikinggan! Ngunit, hinahayaan nito ang mga batang paunlarin ang kanilang pandamang pandinig at upang tamasahin ang pagkatuto sa pamamagitan ng pag-uugnay ng dalawang ekspesyon, ingay at musika.

## Mga materyales

- Aralin #5 The Hidden Treasure and the Pearl (mula sa Detectives)
- Cellphone na tumutunog o CD player, speaker

Mga tunog mula sa aming website:

- Trumpeta upang simulan ang klase #1 or #2
- Mabilisang laro # 8
- Sa oras ng pagpapaunlad sa klase # 25 Charley Brown
- Sa oras ng paghahanap ng kayamanan # 3 Fanfare

## Mga ingay para sa mga tiyak na salita sa aralin

*Lahat ng salitang ito ay nasa aralin, pahina 13*

*Turuan ang mga bata kung ano ang gagamitin tunog kapag narinig ang mga sumusunod na salita:*

- *"Halaga, Mahalaga, Mas mahalaga" (tunog: ahhh, ahh)*
- *"Kayamanan" (tunog: wooo nakabuka ang kamay)*
- *"Perlas" (tunog: pleen, pleen, pleen)*
- *"Yaon ang dahilan kung bakit dapat makita mo ito bilang Nakatagong Kayamanan"... (tunog: "Amen" pumapalakpak.*

## Paggamit ng paraan ng pag-iingay

- Hatiin ang mga bata sa klase sa mga maliliit na grupo at magtakda sa bawat grupo ng tunog na gagawin nila.
- Magtakda ng dalawang mahahalagang pangungusap upang tapusin ang klase. Binibigay nito ang kailangang huling diin at tumutulong sa mga batang tandaan ang pangunahing punto.
- Sabihin ang kwento sa mga bata, gamit ang mga tunog na naitakda sa bawat pangkat kapag lumitaw ang salita sa kwento.
- Kung pinili mong huwag hatiin sa magkakapantay na grupo, maaari mong gamitin ang mga tunog sa lahat ng bata.
- Iba't ibang elemento rin ang maaaring gamitin upang lumikha ng mga tunog, gaya ng ginawa sa mga lumang palabas sa radyo: pagpalo sa iba't ibang bagay. Gumawa ng mga tunog gamit ang papel, o pagkiskis ng mga kamay, binti, paa, atbp.

## Paggamit ng mga Sound Effect

- Pumili ng mga sound effect gayundin ng musika para sa Klase ng Biblia.
- Pagkapili mo ng musika at mga sound effect, basahin o sabihin ang pangunahing aralin gamit ang mga piling musika. Mahalagang may ibang sumusuporta sa iyo gamit ang kagamitan sa pagpapatugtog o cellphone upang ang tunog na nais mo ay hindi makaligtaan, at mapanatili mo ang atensyon ng mga bata.
- Maaari kang pumili ng isang piyesa ng musika para sa buong kwento o iba't ibang piyesa para sa iba't ibang bahagi ng kwento.
- Tandaang mag-ensayo kasama ang iyong katulong bago ito gamitin sa klase. Huwag mag-improvise yamang maaaring maging di-kaaya-aya ang kalalabasan.

www.ChildrenAreImportant.com
info@childrenareimportant.com
01-592-924-9041 (We are in Mexico)
DK Editorial Pro-Visión A.C.